

Embrace the Lord's Gift of Repentance

By Elder Jorge M. Alvarado
Of the Seventy

Tanggapin ang Kaloob ng Panginoon na Pagsisisi

Ni Elder Jorge M. Alvarado
Ng Pitumpu

October 2024 general conference

Let us not wait for things to get hard before turning to God. Let us not wait until the end of our mortal lives to truly repent.

I testify of a loving Heavenly Father. In the April 2019 general conference, moments after I was sustained in my new responsibility as a General Authority Seventy, the choir sang a rendition of “I Stand All Amazed” that pierced my heart and soul.

I marvel that he would descend from his throne divine
To rescue a soul so rebellious and proud as mine,
That he should extend his great love unto such as I,
Sufficient to own, to redeem, and to justify.
As I heard those words, I was all amazed. I felt that despite my inadequacies and flaws, the Lord blessed me to know that “in his strength I can do all things.”

The common feeling of inadequacy, weakness, or even unworthiness is something with which many of us sometimes struggle. I still struggle with this; I felt it the day I was called. I have felt it many times, and I still feel it right now speaking to you. However, I have learned that I am not alone with these feelings. In fact, there are many accounts in the scriptures of those who seem to have felt similar feelings. For example, we remember Nephi as a faithful and valiant servant of the Lord. At times, even he struggled with feelings of unworthiness, weakness, and inadequacy.

Huwag nating hintayin na maging mahirap ang mga bagay-bagay bago bumaling sa Diyos. Huwag nating hintayin ang katapusan ng ating buhay sa mundong ito bago tunay na magsisi.

Pinatotohanan ko ang isang mapagmahal na Ama sa Langit. Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2019, ilang sandali matapos akong sang-ayunan sa bago kong responsibilidad bilang General Authority Seventy, inawit ng koro ang “Ako’y Namangha” na tumagos sa aking puso at kaluluwa.

Mula sa banal na luklukan S’yay bumaba

Upang iligtas ang ‘sang tulad kong may sala,

Nang ang tulad ko’y bigyan N’ya ng pagmamahal,

Sapat upang tubusin N’ya at gawing banal.

Habang naririnig ko ang mga salitang iyon, namangha ako. Nadama ko na sa kabila ng aking mga kakulangan at kamalian, pinagpala ako ng Panginoon na malaman na “sa kanyang lakas ay maaari kong magawa ang lahat ng bagay.”

Ang karaniwang nadaramang kakulangan, kahinaan, o maging ang ‘di pagiging karapat-dapat ay isang bagay na kung minsan ay nahihirapan ang marami sa atin. Nahihirapan pa rin ako rito; naramdaman ko ito noong araw na tinawag ako. Maraming beses ko na itong naramdaman, at nararamdaman ko pa rin ito habang nagsasalita sa inyo ngayon. Gayunpaman, nalaman ko na hindi lang ako ang nakadarama nito. Sa katunayan, maraming tala sa mga banal na kasulatan ang tungkol sa mga taong tila gayundin ang pakiramdam. Halimbawa, naaalala natin si Nephi bilang tapat at magiting na ling-

He said: "Notwithstanding the great goodness of the Lord, in showing me his great and marvelous works, my heart exclaimeth: O wretched man that I am! Yea, my heart sorroweth because of my flesh; my soul grieveth because of mine iniquities."

The Prophet Joseph Smith spoke of often feeling "condemned," in his youth, "for [his] weakness and imperfections." But Joseph's feelings of inadequacy and worry were part of what led him to ponder, study, learn, and pray. As you may remember, he went to pray in the grove near his home to find truth, peace, and forgiveness. He heard the Lord say: "Joseph, my son, thy sins are forgiven thee. Go thy way, walk in my statutes, and keep my commandments. Behold, I am the Lord of Glory. I was crucified for the world that all those who believe on my name may have eternal life."

Joseph's sincere desire to repent and seek the salvation of his soul helped him come to Jesus Christ and receive forgiveness of his sins. This continuous effort opened the door to the continuing Restoration of the gospel of Jesus Christ.

This remarkable experience of the Prophet Joseph Smith illustrates how feelings of weakness and inadequacy can help us recognize our fallen nature. If we are humble, this will help us come to recognize our dependence upon Jesus Christ and stir within our hearts a sincere desire to turn to the Savior and repent of our sins.

My friends, repentance is joy! Sweet repentance is part of a daily process through which, "line upon line, precept upon precept," the Lord teaches us to live a life centered in His teachings. Like Joseph and Nephi, we can "cry unto [God] for mercy; for he is mighty to save." He can fulfill any righteous desire or longing and can heal any

kod ng Panginoon. Kung minsan, maging siya ay nakadama na hindi siya karapat-dapat, mahina, at may kakulangan.

Sinabi niya: "Gayunpaman, sa kabila ng dakilang kabaitan ng Panginoon, sa pagpapakita sa akin ng kanyang mga dakila at kagila-gilalas na gawain, ang aking puso ay napabulalas: O kahabag-habag akong tao! Oo, ang aking puso ay nalulungkot dahil sa aking laman; ang aking kaluluwa ay nagdadalamhati dahil sa aking mga kasamaan."

Binanggit ni Propetang Joseph Smith na madalas niyang naramdamang siya'y "isinumpa," noong kanyang kabataan, "dahil sa [kanyang] kahinaan at mga kamalian." Ngunit ang nadama ni Joseph na hindi pagiging karapat-dapat at pag-aalala ang isang dahilan kaya siya nag-nilay-nilay, nag-aral, natuto, at nanalangin. Tulad ng naaalala ninyo, nanalangin siya sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan para hanapin ang katotohanan, kapayapaan, at kapatawaran. Narinig niyang sinabi sa kanya ng Panginoon: "Joseph, anak ko, ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na sa iyo. Humayo ka, lumakad sa aking mga palatuntunan, at sundin ang aking mga kautusan. Masdan, ako ang Panginoon ng Kaluwalhatian. Ipinako Ako sa krus para sa sanlibutan nang ang lahat ng maniniwala sa aking pangalan ay magkaroon ng buhay na walang-hanggan."

Ang tapat na hangarin ni Joseph na magsisi at hangarin ang kaligtasan ng kanyang kaluluwa ay nakatulong sa kanya na lumapit kay Jesucristo at tumanggap ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan. Ang patuloy na pagsisikap na ito ang nagbukas ng pintuan sa patuloy na Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang pambihirang karanasang ito ni Propetang Joseph Smith ay naglalarawan kung paano makatutulong sa atin ang makadama ng kahinaan at kakulangan na matanto ang ating likas na nahulog na kalagayan. Kung tayo ay mapagpakumbaba, ito ay makatutulong sa atin na magtiwala at umasa kay Jesucristo at maghikayat sa ating puso ng tapat na pagnanais na bumaling sa Tagapagligtas at magsisi sa ating mga kasalanan.

Mga kaibigan, ang pagsisisi ay kagallakan! Ang nakapapanatag na pagsisisi ay bahagi ng araw-araw na proseso kung saan, "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin," tinuturuan tayo ng Panginoon na mamuhay nang nakasentro sa Kanyang mga turo. Tulad nina Joseph at Nephi, maaari tayong "magsumamo sa [Diyos] ng awa;

wound in our lives.

In the Book of Mormon: Another Testament of Jesus Christ, you and I can find countless accounts of individuals who learned how to come unto Christ through sincere repentance.

I'd like to share with you an example of the tender mercies of the Lord through an experience that occurred in my beloved home island of Puerto Rico.

It was in my hometown of Ponce that a sister in the Church, Célia Cruz Ayala, decided that she was going to give a Book of Mormon to a friend. She wrapped it and went to deliver this gift, more precious to her than diamonds or rubies, she said. On her way, a thief approached her, grabbed her purse, and ran away with the special gift inside.

When she told this story at church, her friend said, "Who knows? Maybe this was your opportunity to share the gospel!"

Well, a few days later, do you know what happened? Célia received a letter. I hold that letter, which Célia shared with me, in my hand today. It says:

"Mrs. Cruz:

"Forgive me, forgive me. You will never know how sorry I am for attacking you. But because of it, my life has changed and will continue to change.

"That book [the Book of Mormon] has helped me in my life. The dream of that man of God has shaken me. ... I am returning your five [dollars,] for I can't spend them. I want you to know that you seemed to have a radiance about you. That light seemed to stop me [from harming you, so] I ran away instead.

"I want you to know that you will see me again, but when you do, you won't recognize me, for I will be your brother. ... Here, where I live, I have to find the Lord and go to the church you belong to.

"The message you wrote in that book brought tears to my eyes. Since Wednesday night I have not been able to stop reading it. I have

sapagkat may kapangyarihan siya na makapagligtas." Magagawa Niyang tuparin ang anumang matuwid na hangarin o pag-asam at kaya niyang pagalingin ang anumang sugat sa ating buhay.

Sa Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo, makakakita tayo ng napakaraming salaysay tungkol sa mga taong natuto kung paano lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi.

Nais kong ibahagi sa inyo ang isang halimbawa ng magiliw na awa ng Panginoon sa pamamagitan ng isang karanasan na naganap sa pinakamamahal kong isla ng Puerto Rico.

Doon sa bayan namin sa Ponce kung saan isang sister sa Simbahan, si Célia Cruz Ayala, ang nagpasiya na reregaluhan niya ng Aklat ni Mormon ang isang kaibigan. Binalot niya ito at umalis na para ihatid ang regalong ito, na mas mahalaga sa kanya kaysa sa mga diamante o rubi, sabi niya. Habang nasa daan, isang magnanakaw ang lumapit sa kanya, hinablot ang kanyang bag na may lamang espesyal na regalo, at tumakbo palayo.

Nang ikuwento niya ito sa simbahan, sinabi ng kaibigan niya, "Malay mo? Baka ito ang pagkakataon mong maibahagi ang ebanghelyo!"

Ilang araw ang lumipas, alam ba ninyo kung ano ang nangyari? Nakatanggap ng sulat si Célia. Hawak ko ngayon ang sulat na iyan, na ibinahagi sa akin ni Célia. Sabi rito:

"Mrs. Cruz:

"Patawarin mo ako, patawarin mo ako. Hindi mo mawawari kung gaano ko pinagsisihan na ninakawan kita. Pero dahil diyan, nagbago at patuloy na magbabago ang buhay ko.

"Ang aklat na iyon [ang Aklat ni Mormon] ay nakatulong sa buhay ko. Ang pangitain ng taong iyon ng Diyos ay umantig sa akin. ... Ibinabalik ko ang iyong limang [dolyar,] sapagkat hindi ko maaaring gastusin ito. Gusto kong malaman mo na tila may kakaiba kang ningning na taglay. Ang liwanag na iyon ang tila pumigil sa akin [na saktan ka, kaya] tumakbo ako palayo.

"Gusto kong malaman mo na makikita mo akong muli, pero sa pagkakataong ito, hindi mo ako makikilala, sapagkat ako ay magiging kapatid mo. ... Dito, kung saan ako nakatira, kailangan kong hanapin ang Panginoon at pumunta sa simbahan na kinabibilangan mo.

"Napaluha ako sa mensaheng isinulat mo sa aklat na iyon. Simula pa noong Miyerkules ng gabi ay 'di ko magawang tigilang basahin ito.

prayed and asked God to forgive me [and] I ask you to forgive me. ... I thought your wrapped gift was something I could sell. [Instead,] it has made me want to [change] my life. ... Forgive me, forgive me, I beg you.

“Your absent friend.”

Brothers and sisters, the light of the Savior can reach us all, no matter our circumstances. “It is not possible for you to sink lower than the infinite light of Christ’s Atonement shines,” said President Jeffrey R. Holland.

As for the unintended recipient of Célia’s gift, the Book of Mormon, this brother went on to witness more of the Lord’s mercy. Although it took time for this brother to forgive himself, he found joy in repentance. What a miracle! One faithful sister, one Book of Mormon, sincere repentance, and the Savior’s power led to the enjoyment of the fulness of blessings of the gospel and sacred covenants in the house of the Lord. Other family members followed and accepted sacred responsibilities in the Lord’s vineyard, including full-time missionary service.

As we come unto Jesus Christ, our path of sincere repentance will eventually lead us to the Savior’s holy temple.

What a righteous motive to strive to be clean—to be worthy of the fulness of the blessings made possible by our Heavenly Father and His Son through sacred temple covenants! Serving regularly in the house of the Lord and striving to keep the sacred covenants we make there will increase both our desire and our ability to experience the change of heart, might, mind, and soul necessary for us to become more like our Savior. President Russell M. Nelson has testified: “Nothing will open the heavens more [than worshipping in the temple]. Nothing!”

My dear friends, do you feel inadequate? Do you feel unworthy? Are you second-guessing yourself? Perhaps you might worry and ask: Do I measure up? Is it too late for me? Why do I keep failing when I am trying my absolute best?

Nanalangin ako at hiniling sa Diyos na patawarin ako, [at] hinihiling ko sa iyo na patawarin ako. ... Akala ko ang iyong nakabalot na regalo ay pwede kong ibenta. [Sa halip,] dahil dito ay gusto kong [baguhin] ang buhay ko. ... Patawarin mo ako, patawarin mo ako, nagmamakaawa ako sa iyo.

“Ang malayo mong kaibigan.”

Mga kapatid, ang liwanag ng Tagapagligtas ay makakaabot sa ating lahat, anuman ang ating kalagayan. “Hindi posibleng lumubog kayo nang mas malalim kaysa kayang abutin ng walang-hanggang liwanag ng Pagbabayad-sala ni Cristo,” sabi ni Pangulong Jeffrey R. Holland.

Tungkol naman sa hindi sinasadyang tumanggap ng regalo ni Célia, ang Aklat ni Mormon, ang kapatid na ito ay nakasaksi ng mas marami pang awa ng Panginoon. Bagama’t matagal bago pinatawad ng brother na ito ang kanyang sarili, nagalak siya sa pagsisisi. Kaylaking himala! Isang tapat na sister, isang Aklat ni Mormon, taos-pusong pagsisisi, at kapangyarihan ng Tagapagligtas ang humantong sa pagtatamasa ng kabuuan ng mga pagpapala ng ebanghelyo at mga sagradong tipan sa bahay ng Panginoon. Ang iba pang mga miyembro ng pamilya ay sumunod at tumanggap ng mga sagradong responsibilidad sa ubasan ng Panginoon, kabilang na ang paglilingkod sa full-time mission.

Kapag lumalapit tayo kay Jesucristo, ang landas natin ng taos-pusong pagsisisi ang aakay sa atin sa banal na templo ng Tagapagligtas.

Napakamatwid na pagpapasiyang maging malinis—maging karapat-dapat sa kabuuan ng mga pagpapalang ginawang posible ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak sa pamamagitan ng mga sagradong tipan sa templo! Ang regular na paglilingkod sa bahay ng Panginoon at pagsisikap na tuparin ang mga sagradong tipang ginawa natin doon ay magpapalakas kapwa sa ating hangarin at kakayahan na maranasan ang pagbabago ng puso, lakas, pag-iisip at kaluluwang kailangan para maging mas katulad tayo ng ating Tagapagligtas. Pinatotohanan ni Pangulong Russell M. Nelson: “Wala nanghigitna magbubukas ng kalangitan [kaysa sa pagsamba sa templo]. Wala!”

Mahal kong mga kaibigan, nadarama ba ninyong may kakulangan kayo? Nadarama ba ninyong hindi kayo karapat-dapat? Nag-aalinlangan ba kayo sa inyong sarili? Marahil nag-aalala kayo at nagtatanong: Sapat na ba ang kakayah-

Brothers and sisters, surely we will make mistakes in our lives along the way. But please remember that, as Elder Gerrit W. Gong has taught: “Our Savior’s Atonement is infinite and eternal. Each of us strays and falls short. We may, for a time, lose our way. God lovingly assures us [that] no matter where we are or what we have done, there is no point of no return. He waits ready to embrace us.”

As my dear wife, Cari Lu, has also taught me, we all need to repent, rewind, and reset the time to “zero o’clock” every single day.

Obstacles will come. Let us not wait for things to get hard before turning to God. Let us not wait until the end of our mortal lives to truly repent. Instead, let us now, no matter which part of the covenant path we are on, focus on the redemptive power of Jesus Christ and on Heavenly Father’s desire for us to return to Him.

The Lord’s house, His holy scriptures, His holy prophets and apostles inspire us to strive towards personal holiness through the doctrine of Christ.

And Nephi said: “And now, behold, my beloved brethren, this is the way; and there is none other way nor name given under heaven whereby man [and woman] can be saved in the kingdom of God. And now, behold, this is the doctrine of Christ, and the only and true doctrine of the Father, and of the Son, and of the Holy Ghost.”

Our process of “at-one-ment” with God may feel challenging. But you and I can pause, be still, look to the Savior, and seek to find and act on what He would have us change. If we do so with full intent, we will witness His healing. And think of how our posterity will be blessed as we embrace the Lord’s gift of repentance!

The Master Potter, taught my dad, will mold

an ko? Huli na ba ang lahat para sa akin? Bakit palagi akong nabibigo kahit sinisikap ko namang gawin ang lahat ng makakaya ko?

Mga kapatid, walang-alinlangang makagagawa tayo ng mga pagkakamali sa buhay. Pero tandaan lamang na, tulad ng itinuro ni Elder Gerrit W. Gong, “Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay walang katapusan at walang hanggan. Bawat isa sa atin ay nag-aalinlangan at nabibigo. Tayo, sa sandaling panahon, ay maaaring maligaw ng landas. Buong pagmamahal na tinitiyak sa atin ng Diyos [na] saanman tayo naroon o anuman ang ating ginawa, palagi tayong makababalik sa Kanya. Naghihintay Siya at handa tayong yakapin.”

Tulad ng itinuro din sa akin ng aking mahal na asawang si Cari Lu, lahat tayo ay kailangang magsisi, mag-rewind, at mag-reset ng oras sa “zero o’clock” bawat araw.

Darating ang mga hadlang. Huwag nating hintayin na maging mahirap ang mga bagay-bagay bago bumaling sa Diyos. Huwag nating hintayin ang katapusan ng ating buhay sa mundong ito bago tunay na magsisi. Sa halip, gawin natin ngayon, nasaan man tayo sa landas ng tipan, na magtuon sa nakatutubos na kapang-yarihan ni Jesucristo at sa hangarin ng Ama sa Langit na makabalik tayo sa Kanya.

Ang bahay ng Panginoon, Kanyang mga banal na kasulatan, Kanyang mga banal na propeta at apostol ay nagbibigay-inspirasyon sa atin na magsikap na makamit ang sariling kabanalan sa pamamagitan ng doktrina ni Cristo.

At sinabi ni Nephi: “At ngayon, masdan, mga minamahal kong kapatid, ito ang daan; at walang ibang daan ni pangalang ibinigay sa silong ng langit upang ang tao ay maligtas sa kaharian ng Diyos. At ngayon, masdan, ito ang doktrina ni Cristo, at ang tangi at tunay na doktrina ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.”

Ang ating proseso ng “at-one-ment” sa wikang Ingles o pagiging isa sa Diyos ay maaaring mahirap gawin. Ngunit kayo at ako ay maaaring tumigil sandali, mapanatag, magtuon sa Tagapagligtas, at hangaring malaman at gawin ang nais Niyang baguhin natin. Kung gagawin natin ito nang may buong layunin, masasaksihan natin ang Kanyang pagpapagaling. At isipin kung paano pagpapalain ang ating mga inapo kapag tinanggap natin ang kaloob ng Panginoon na pagsisisi!

Ang Dalubhasang Magpapalayok, turo ng

and refine us, which can be difficult. Nonetheless, the Master Healer will also cleanse us. I have experienced and continue to experience that healing power. I testify that it comes through faith in Jesus Christ and daily repentance.

Oh, it is wonderful that he should care for me

Enough to die for me!

I testify of God's love and of the infinite power of His Son's Atonement. We can feel it profoundly as we sincerely and wholeheartedly repent.

My friends, I am a witness of the glorious Restoration of the gospel through the Prophet Joseph Smith and the current divine guidance of the Savior through His prophet and mouthpiece, President Russell M. Nelson. I know Jesus Christ lives and that He is the Master Healer of our souls. I know and I testify that these things are true, in the holy name of Jesus Christ, amen.

aking ama, ang huhubog at magpipino sa atin, na maaaring maging mahirap. Gayunman, ang Dalubhasang Tagapagpagaling ay lilinis din tayo. Naranasan ko at patuloy na naranasan ang kapangyarihang iyon sa pagpapagaling. Pinatotohanan ko na ito ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa araw-araw na pagsisisi.

O, kahanga-hangang minahal N'ya ako't

Buhay N'ya'y 'binigay!

Pinatotohanan ko ang pagmamahal ng Diyos at ang walang-hanggang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Kanyang Anak. Madarama natin ito nang husto kapag taos-puso at buong katapatan tayong nagsisisi.

Mga kaibigan, saksi ako sa maluwalhatang Panunumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith at sa kasalukuyang banal na patnubay ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang propeta at tagapagsalita na si Pangulong Russell M. Nelson. Alam ko na buhay si Jesucristo at Siya ang Dakilang Tagapagpagaling ng ating mga kaluluwa. Alam ko at pinatotohanan ko na totoo ang mga bagay na ito, sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen.